# Modyul 23
# Pagsulat ng Isang Rebyu ng Napanood na Programa sa Telebisyon



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Mahilig ka bang manood ng pelikula o programa sa telebisyon? Anu-ano ang mgakinawiwilihan mong panoorin?

Sadyang nakalilibang ang panonood ng telebisyon. Naaaliw ka na'y lumalawak pa ang iyong kaalaman. Ang mga lugar na di mo marating at mga gawaing gustong matutunan ay nagkakaroon ng katuparan sa pamamagitan ng iba't ibang programa sa telebisyon. Nalalaman mo rin ang mga pangyayaring nagaganap sa loob at labas ng bansa. Makakukuha ka rin dito ng iba't ibang ideya sa pamamagitan ng mga talakayan tungkol sa iba't ibang isyu di lamang sa pamahalaan kundi maging sa kaganapan sa lipunan at buhay ng mga mamamayan.

Bawat palabas ay may kani-kaniyang pakulo upang makaakit ng mga manonood. Subalit hindi lahat ng palabas ay kinawiwilihang panoorin ng mga tao. Mayroon silang inaabangan at mayroon din namang inaayawan. Depende ito sa kanilang panlasa.


Ganito rin ang pamimili ng programang pandrama. Minsan, isinasaalang-alang ang mga artistang bida, ang paksa, kuwento ng pag-ibig, katatakutan, pantasya at marami pang iba.

Madalas, ibinabahagi natin sa iba ang ating napanood. Nagbibigay tayo ng papuri at pagpuna tugkol dito. Maaaring di natin nagustuhan ang ilang eksena, takbo ng istorya o kaya'y ang pagkakaganap ng mga artista. Sa ganitong pagkakataon, sinusuri na natin ang kalidad ng pelikula o programang napanood. Maganda man o hindi, ito ay ayon lamang sa ating pansariling pananaw.



## Ano ang matututunan mo?

Nakasusulat ng isang rebyu ng napanood na programang pantelebisyon.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Gabay sa pansariling pagkatuto ang modyul na ito. Gamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang iyong paggamit, kailangang maging malinaw sa iyo ang mga nararapat gawin. Huwag kang mag-alala, sundin mo ang mga sumusunod

1. Sagutin mo ang panimulang pagsubok, ang bahaging Anu-ano na Ba Ang Alam mo? Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo ito sa iyong guro. Kung nagkaroon ka man ng maraming mali, huwag mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Pag-aralan mo na ang paksang-aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo ang mga dapat gawin.

4. Tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi.

5. Gamitin mo nang wasto ang modyul. Kaibigan mo ito. Sagutan nang mabuti. Huwag mong susulatan. Gumamit ng hiwalay na papel o kaya ay notbuk.

6. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan sapagkat mahalaga ka rin para rito.



## *Ano ba ang alam mo?*

Huwag kang matakot sa pagsusulit na ito. Layon lamang nitong masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksa.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na.

Panuto: Isaayos ayon sa pagkakasunud-sunod ang mga sumusunod na pahayag upang makabuo ng talatang naglalahad ng pagsusuri sa isang programang pantelebisyon. Isaalang-alang ang pagtatalata. Bilang lamang ang isulat.

1. Mapanonood ang programang Magpakailaman tuwing Huwebes ng gabi.

2. Magpakailanman, hindi magbabago ang itinitibok ng puso ko, magpakailanman . . . magpakailanman. Linya ng isang awiting siya ring pamagat ng programa.

3. Itinatampok dito ang buhay ng iba't ibang tao anuman ang katayuan sa buhay.

4. Hindi lamang nakatuon sa drama ang progrmang ito. Kung minsa'y may katatawanan din depende sa takbo ng istorya.

5. Piling-pili ang mga istorya sapagkat talaga namang kapupulutan ng aral sa buhay at sadyang magagaling ang mga artistang gumaganap.

6. Nagsisilbi rin itong inspirasyon sa iba. Gaya ng mga taong nabigo subalit dahil sa pagtitiyaga at pagsusumikap ay muling nakaahon at nagtagumpay.

7. Sana'y marami pang magaganda't makabuluhang istorya ang itampok sa Magpakailaman.

8. Sa katapusan ng kuwento ay kinakapanayam pa ng host na si Mel Tiangco ang tunay na may-ari ng istorya.

9. Kaya naman sintigas man ng bato ang iyong puso ay tiyak na maaagnas ng mga tauhan.

10. Sa pamamagitan ng panayam ay nalalaman ng manonood kung ano na ang kalagayan nila sa kasalukuyan.

Iwasto mo ang iyong sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.

ARALIN 1: Pagpapamalas ng kahusayan sa pagsulat ng isang rebyu sa tulong ng mga tiyak na kaalaman at pamantayan



*Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Napipili ang mga mahahalagang detalye at impormasyon sa akdang binasa
2. Nakapagbibigay ng mga angkop na kaalaman sa mga tiyak na halimbawa
3. Nagagamit nang wasto ang mga hakbang sa pagbubuo ng rebyu
4. Nakapagbibigay puna sa isang tiyak na modelo



## *Anu-ano ang mga tiyak na alam mo?*

Iba-iba ang palabas na kinagigiliwang panoorin ng tao.

Alam mo ba kung saang kategorya ihahanay ang mga palabas sa telebisyon?

Panuto: Piliin at isulat kung saang kategorya ng palabas nahahanay ang mga sumusunod na programa.

1. Debate
2. TV Patrol World
3. Huwag Kukurap
4. Sana'y Wala Nang Wakas
5. Art Angel

Pagpipilian:
- Balitaan
- Talakayan
- Edukasyunal
- Katatakutan
- Drama
- Barayti

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo . . .**

May mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagbuo ng isang programang pantelebisyon o pelikula. Alam mo ba kung anu-ano ang mga ito?

Subukin mong sagutin ang inihanda kong gawain upang masukat kung gaano kalawak ang iyong kaalaman sa paksang ito.

Panuto: Pagtapat-tapatin ang tinutukoy ng Hanay A sa Hanay B. Letra lamang ang isulat.

| | |
|---|---|
| 1. Lino Brocka | A. istorya / kuwento |
| 2. katunggali ng bida | B. mensahe |
| 3. Pangunahing karakter sa kuwento | C. kontrabida |
| 4. Walang Himala | D. direktor |
| 5. Iskrip | E. bida |
| 6. Nasa tao ang ikapagbabago ng kanyang buhay | F. Pamagat ng pelikula |

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro,

**Gawain 1:** Pagpili ng mahahalagang detalye at impormasyon sa akdang binasa.

Bago sagutin ang gawaing inihanda ko para sa iyo, basahin at pag-aralan mo muna ang paliwanag na aking ilalahad. Makatutulong ito nang malaki upang lalo pang mapalawak ang iyong kaalaman.

Maraming kategorya ang mga palabas na programa sa telebisyon. Dahil dito, ang gagawing paghuhusga ay nagkakaiba-iba sapagkat iba-iba rin ang mga katangiang taglay ng bawat kategorya.

1. Nagiging mabisa at maganda ang isang palatuntunang drama kung ikaw ay kumbinsidong magaling ang pagganap na ipinakikita ng mga tauhan nito. Nararapat ding kumbinsido kang maganda ang pagkakalahad ng istorya ng palabas.

2. Ang maganda at mabisang palatuntunang barayti ay nagtataglay ng mga bagong gimik, mga bagong panauhin at mga bagong talino. Hindi maganda ang pagkakaroon ng paulit-ulit na pakulo at mga panauhing dati na rin.

3. Ang mahusay at mabisang programang talakayan at nagpapakita ng maraming kasagutan at malawak na talakayan sa kabila ng pagiging limitado ng paksa.

4. Maganda at mabisa ang isang programang balitaan kung maluwag at malinaw nitong naipakikita ang mga pangyayari sa buong kaluwagan at nakapaghahatid ng mga balita tungkol sa iba't ibang sektor.

5. Mabisa at maganda ang isang programang edukasyunal kung ito ay nagtataglay ng mga kaalamang pang-agham, pangkasaysayan, pampanitikan at iba't ibang paksa. Nagpapamalas din ito ng mga gawain ng iba't ibang uri ng organisasyon.

6. Nagiging mabisa at maganda naman ang programang pampalakasan kung ito ay pinamamahalaan ng mahusay na tagapagpakilala na nagbibigay ng mapanuring komentaryo tungkol sa mga larong kanyang ipinakikilala.

7. Nagiging mabisa naman at maganda ang programang musikal kung ito ay nagpaparinig ng iba't ibang awiting likha ng mga batikang kompositor at binibigyan ng buhay ng mga mang-aawit na sadyang kilala sa nabanggit na larangan.

Hango sa komposisyon . . .
Sumulat ka ni:
Arturo S. Cabuhat

Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag.

1. Sa palatuntunang ito, laging bago ang mga pakulo o gimik at iba-iba ang mga panauhin upang di magsawa ang mga manonood.

2. Taglay ng palatuntunang ito ang paghahatid ng mga kaalaman tungkol sa iba't ibang larangan ng karunungan gaya ng agham, panitikan, kultura, kasaysayan at iba pa. Layunin nitong maghatid ng kaalaman sa mga manonood.

3. Ipinakikita ng palatuntunang ito ang iba't ibang kaganapan sa loob at labas ng bansa. Kabilang na rito ang tungkol sa kalagayan ng bansa: ekonomiya, pulitika, edukasyon, sining, palakasan, agham at iba pa.

4. Mapanonood sa palatuntunang ito ang iba't ibang dula sa buhay. Mahuhusay ang mga artistang gumaganap at makababagbag-damdamin ang bawat eksena.

5. Sa palatuntunang ito tinatalakay ang iba't ibang isyu. Nagbibigay ng kani-kaniyang pananaw tungkol sa paksa ang bawat panauhin upang magbigay-linaw at mabigyan ng sapat na impormasyon ang mga manonood.

6. Naaaliw ang mga manonood sa palatuntunang ito sapagkat iba't ibang uri ng awitin; makabago at makaluma, ang mapakikinggan. Kawili-wili sapagkat ang bawat pag-awit ay binabagayan din ng mga kasuotan at indak.

**Gawain 2:** Pagbibigay ng mga angkop na kaalaman sa mga tiyak na halimbawa.

Panuto: Piliin sa ibaba ang angkop na impormasyong tumutugon sa bawat halimbawang ibinigay. Letra lamang ang isulat.

1. Programang Drama
   Pamagat: Maalaala Mo Kaya

   ______________________________________
   ______________________________________
   ______________________________________

2. Programang Barayti
   Pamagat: Eat Bulaga

   ______________________________________
   ______________________________________
   ______________________________________

3. Programang Balitaan
   Pamagat: 24 Oras

   ______________________________________
   ______________________________________
   ______________________________________

4. Programang Edukasyunal
   Pamagat: Kay Susan Tayo

   ______________________________________
   ______________________________________
   ______________________________________

5. Programang Musikal
   Pamagat: Born Diva

   ______________________________________
   ______________________________________
   ______________________________________

6. Programang Katatakutan
   Pamagat: Nginig

   ______________________________________
   ______________________________________

A. Itinatampok dito ang iba't ibang kawili-wiling paksa gaya ng paraan ng pag-aalis ng kuto, pagpapaganda, pagpapapayat, mga suliraning pampamilya, iba't ibang sakit. Si Susan Enriquez ang host ng programang ito.

B. Araw-araw na ipinalalabas ang programang ito. Tumatalakay sa iba't ibang kaganapan sa loob at labas ng bansa. Pinangungunahan ito ng 2 batikang mamamahayag na sina Mel Tiangco at Mike Enriquez.

C. Tuwing Huwebes ng gabi ay sadyang inaabangan ang programang ito na tumatalakay sa iba't ibang pangyayari sa buhay ng tao; paghihirap, pagsisikap, pamimighati o tagumpay sa buhay. Tiyak na maaantig ang iyong puso sa bawat eksena ng palabas na ito.

D. Sa pagtuntong ng ika-12 ng tanghali, tiyak na makukumpleto ang araw dahil sa iba't ibang pakulo ng programang ito. Masaya, makulay, kapana-panabik at kamangha-mangha ang magkakahalong emosyong iyong madarama. Pinangungunahan ito ng mga sikat na host na sina Tito, Vic at Joey.

E. Tatayo ang iyong balahibo sa takot na mararamdaman dahil ang programang ito'y nagpapakita ng di-pangkaraniwang palabas gaya ng kababalaghan, multo at iba't ibang nilalang ng kadiliman.

F. Pataasan at pagandahan ng tinig sa pag-awit ang programang ito. Bawat kalahok ay kailangang dumaan sa pagpaparetoke ng bahagi ng katawan at mukha. Layunin kasi nitong pagandahin at ihanda ang mga kalahok bilang isang mang-aawit. Ang host ng nasabing programa ay si Zsa-Zsa Padilla.

**Gawain 3:** Paggamit nang wasto sa mga hakbang sa pagbuo ng rebyu.
Panuto: Basahing mabuti ang rebyu sa programang Extra Challenge na wala sa wastong kaayusan. Pagkatapos, sundin ang mga hakbang na isinasaad ng bawat bilang upang makabuo ng maayos na talataan. Letra lamang ang isulat.

A. Salamat sa ganitong uri ng palabas at nabibigyan ng pagkakataong maipakita ng mga artista ang kanilang galing sa pagdiskarte at pagdedesisyon hindi lamang sa larangan ng pagganap.

B. Sadyang kapana-panabik ang bawat eksenang mapapanood sa Extra Challenge tuwing ika-7:30 ng gabi na tinatampukan ni Paolo Bediones bilang host.

C. Isa rin sa naging hamon ang pagtalon sa matataas na gusali, pagtulay sa lubid, pagsisid sa dagat at kung anu-ano pang mapanganib na gawaing humahamon sa kakayahan ng bawat kalahok.

D. Iba-iba ang mga hamong kanilang ipinagagawa sa mga panauhing artista. Hindi mo akalaing magagawa naman ito sapagkat taliwas sa nakagawiang buhay ang kanilang ginagawa gaya ng pamamalimos, pagtira sa iskwater, pagiging kargador o pagkain ng "exotic food."

E. Kung gusto, maraming paraan, kung ayaw, maraming dahilan. Tibay ng dibdib at tatag ng loob ang kailangan. Walang urungan. Panganib ang susuungin, maisakatuparan lamang ang layunin.

F. Nagiging masaya ang eksena sa tuwing pumapasok na si Ethel Booba subalit minsan ay hind na siya nakatutuwa sapagkat nababastos na ang mga kalahok sa kanyang mga biro.

G. Higit sigurong gaganda ang programa kung magkakaroon si Paolo ng co-host na babaeng magaling magsalita at kagalang-galang ding tulad niya.

1. Panimulang talata

2. Oras at pangalan ng host

3. Pormat
   a. } Mga bahagi / Paraang isinasgawa sa programa
   b.

4. Kahinaan ng palabas / puna

5. Mungkahing pagbabago

6. Pangwakas na talata

**Gawain 4:** Pagbibigay-puna sa isang tiyak na modelo.
Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang talataan. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

Mapapanood ang Starstruck mula Lunes hanggang Biyernes tuwing ika-9:30 ng gabi sa Channel 7. Pinangungunahan ito ng mahusay na host na sina Jolina Magdangal at Dindong Dantes.

Nagsimula ang paligsahan sa 14 na kalahok. Iba't ibang hamon ang ibinibigay sa kanila sa bawat linggo. Tuwing Biyernes, inaalis isa-isa ang nagpapakita ng mahinang performans sa bawat pagsubok na kanilang isinagawa. Si Joey de Leon, Christopher de Leon at ang batikang direktor na si Louie Ignacio ang tagapaggawad ng hatol.

Sinasanay ng programang ito ang mga kalahok sa iba't ibang larangan; pag-awit, pagsayaw, pag-arte, pagsasalita at iba pa na dapat taglayin ng isang naghahangad mag-artista. Sinusukat din nito kung hanggang saan ang pagtitiyaga't pagtitiis na kaya nilang dalhin.

Maganda't makikisig ang mga kalahok. Talagang maaari silang ihanay sa mga sikat nating artista.

Nakalulungkot lamang isiping kung minsa'y may hindi dapat matanggal subalit siya pa ang unang naaalis. Hindi nagiging malinaw sa manonood kung paano nila hinahatulan isa-isa ang mga kalahok.

Masyado na ring gabi ang programang ito. Sa halip na sa pag-aaral nabubuhos ang oras o natutulog na ang kabataan, nakatanghod pa sa telebisyon.

Sana'y dagdagan ang oras ng palabas upang hindi maging bitin ang panonood ng programang tumutuklas ng mga bagong mukha sa larangan ng pinilakang tabing.

1. Alin sa mga sumusunod na pamagat ang sa palagay mo'y angkop sa talataan?
    a. Tunay na Artista
    b. Talagang Napakagaling
    c. Artistang – artista
    d. Bagong Tuklas na Artista

2. Walang panimulang pangungusap ang talataan. Alin sa mga sumusunod ang nararapat dito?
    a. Bagong mukha, bagong tuklas, bagong sibol sa daigdig ng pinilakang tabing . . . Ano ang taglay nilang mahika at sila'y labis na hinahangaan?
    b. Kung tunay na artista ang hanap, manood kayo ng programang Starstruck.
    c. Kaili-wiling panoorin ang Starstruck sapagkat tunay na magaganda at makikisig ang mga kalahok.
    d. Huwag na sanang matapos ang Starstruck upang laging kumpleto ang aking araw.

3. Alin sa palagay mo ang hindi binanggit sa talataan?
    a. oras at host ng programa
    b. pormat
    c. kahinaan ng palabas
    d. kaibahan ng programa sa iba

4. Kung lalagyan ng pangwakas ang talataan, alin sa mga sumusunod ang angkop dito?
    a. Huwag mag-artista kung di rin lamang handa
    b. Magtiyaga at maghintay tayo sa mabuting kapalarang naghihintay
    c. Sisikat din tayo sa iba namang larangan

d. Sa naghahangad sumikat, sikaping maangkin ang mga kinakailangang katangian gaya ng mga kalahok sa Starstruck

5. Sa kabuuan, ang impormasyong binanggit sa talataan, ay masasabing
   a. di-gaanong malinaw
   b. kulang na kulang
   c. sapat na
   d. kulang pa

**2. Lagumin mo . . .**

Subuking mo kung gaano ang iyong natutunan sa mga gawaing isinagawa sa pamamagitan ng pagsagot sa pagsubok na inihanda ko.

Handa ka na ba?

Panuto: Basahing mabuti ang talataan. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Letra lamang ang isulat.

Isumbong Mo Kay Tulfo

Mapapanood ang programang Isumbong Mo Kay Tulfo tuwing Sabado, ganap na ika-6 ng gabi sa Channel 9. Ang batikang mamamahayag sa radyo at telebisyon na si G. Raffy Tulfo ang host.

Itinatampok sa programang ito ang iba't ibang reklamo, hinaing o sumbong ng mga nakaranas ng kaapihan. Karaniwan nang inirereklamo ang mga taong abusado sa kanilang tungkulin. Ilan sa kanila ay mga pulis, kawani ng pamahalaan, mga opisyal ng barangay at maging mga guro. Tinutugunan ang mga sumbong sa pamamagitan ng paglapit sa mga taong may direktang kapangyarihan upang kagyat na masolusyunan ang problema. Madalas, si G. Tulfo ang nakikipag-usap at namamagitan sa nagrereklamo at inirereklamo.

Kapaki-pakinabang ang ganitong programa sapagkat madaling nakakamit ang katarungan ng mahihirap na inapi. Napag-uukulan ng panahon ang kanilang kaso at mabilis na naigagawad ang kalutasang inaasahan.

Isa lamang ang maipipintas sa programang ito, ang pagmumura ni G. Tulfo sa harap ng kamera. Hindi niya maiwasan ang magbitiw ng di-magandang salita lalo pa't siya'y galit na galit. Kung minsan din, kaagad na ipinakikita sa telebisyon ang mga mukha ng akusado kahit hindi pa nalilitis sa hukuman ang kaso. Nakapagpapababa ito ng moral ng inaakusahan sapagkat panig lamang ng nagreklamo ang pinakikinggan.

Sana'y itampok din ang mga pangyayaring nagkakaroon ng pagkakasundo sa maliliit na reklamo ang dalawang panig upang maging magandang halimbawa ito sa lahat.

1. Ang pamagat ng programa ay hinango sa pangalan ng
   a. direktor

b. artista
c. host
d. prodyuser

2. Ang programa ay isang uri ng
    a. drama
    b. serbisyo-publiko
    c. barayti
    d. detektib

3. Masasabing mabisa ang programang nabanggit sapagkat ang format nito ay tumutukoy sa
    a. pag-aakusa sa mga nagkasala
    b. paglilitis sa kaso
    c. pagsusumbong sa mga may kapangyarihan
    d. pagtugon sa mga reklamo ng mamamayan

4. Sinasabing naglilingkod ang programa sapagkat ito'y hindi
    a. kumakampi
    b. kumakalaban
    c. nagpapabayad
    d. nagpapautang

5. Alin sa mga sumusunod ang maaaring ipalit sa pamagat?
    a. Kayang-kaya ni Tulfo
    b. Ipaubaya Kay Tulfo
    c. Reklamo Mo Sagot ni Tulfo
    d. Hindi Aatras Sa Laban Si Tulfo

6. Alin ang hindi binanggit sa unang talata?
    a. himpilan / channel
    b. araw
    c. paksa
    d. oras

7. Ang ikatlong talata ay tumutukoy sa
    a. katangian
    b. kapakinabangan / kahalagahan
    c. kagandahan
    d. kalikasan

8. Ang ikaapat na talata ay tumutukoy sa
    a. kahinaan
    b. kasahulan
    c. kasalanan
    d. kalabisan

9. Ang angkop na panimulang pangungusap sa binasang talataan ay
   a. Naapi ka ba? Nayurakan ba ang iyong pagkatao? Iluhog mo ito sa isang taong tunay na kakampi ng katarungan at kagyat na mabibigyan ng kasagutan ang iyong karaingan.
   b. Isumbong mo kay Tulfo ang iyong kaapihang dinanas sapagkat siya lamang ang makalulutas sa iyong problema.
   c. Bakit hahangarin mo pang idulog sa korte ang kaso kung mayroon namang taong tutulong sa iyo? Isumbong mo kay Tulfo!
   d. Ang taong matapang! Ang walang kinatatakutan! Siya ang taong aking hinahangaan, walang iba kundi si G. Ramon Tulfo.

10. Ang angkop na pangwakas na pangungusap sa talataan ay
   a. Ramon Tulfo, idolo at tagapagtanggol ng masang Pilipino.
   b. Nawa'y ipagpatuloy ni G. Tulfo ang pagbibigay-serbisyo sa mga nangangailangan ng kanyang tulong.
   c. Huwag kang lalabag sa batas at di ka tatantanan ni G. Tulfo.
   d. Mabuhay ang taong tulad ni G. Tulfo.

**3. Subukin mo . . .**

Punan ng angkop na salita ang bawat patlang sa talata upang mabuo ang diwang ipinahahayag nito.Piliin ang sagot sa mga nasa loob ng kahon sa ibaba.

Sa pagsusuri ng mga programang pantelebisyon, unang isinasaalang-alang ang 1________ ng palabas, pangalan ng host, channel at ________2______ nito. Binabanggit din ang _____3_____makukuha sa panonood. Nakaaaliw halimbawa kung ito'y _____4_, nakaaantig ng damdamin kung _________5________, nakapagbibigay ng sapat na impormasyon tungkol sa iba't ibang ______6______ sa loob at labas ng bansa kung ito'y 7_______. Isinasama rin sa pagsusuri ang _______8_______ ng palabas. Halimbawa, ang mga bahaging sa palagay ng sumusuri'y di makatutulong sa pagpapaganda pang lalo ng programa. Kasama na rin dito ang pagbibigay _________9________ kung paano pang mapabubuti't ______10______ ang nasabing palatuntunan.

| | | |
|---|---|---|
| mungkahi | balitaan | kahinaan |
| oras | | kagandahan |
| kaganapan | | kapakinabangang |
| katapusan | | drama |
| pamagat | | kaganapan |
| komedi | | mapagaganda |

Naging madali ba para sa iyo ang pagsusulit? Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto upang malaman kung ilan ang nakuh mong iskor.

**4. Paunlarin mo . . .**

Kung ang iskor na iyong nakuha ay walo (8) maaari ka nang magsimula sa Aralin 2, subalit kung mababa rito ang iyong iskor, kailangan mo munang sagutin ang gawaing inihanda ko bago mo pag-aralan ang susunod na aralin.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag.

1. Uri ng palabas na nagtatampok ng iba't ibang gimik o pakulo at mga bagong panauhing artista. Karaniwan nang kinapapalooban ng pagtatanghal ng mga bago't lumang sayaw, balitaan.

2. Tumutukoy sa kapakinabangang natatamo mula sa panonood ng programa. Binabanggit din ang magagandang bahagi ng palabas at ang magandang dulot nito sa mga manonood.

3. Tawag sa kabuuang bahagi ng talaan. Dito umiikot ang kuwento.

4. Tumutukoy sa mga pagbabagong nais mangyari ng isang sumusuri ng palabas o programang pantelebisyon. Ito ay sa layuning mapaganda pang lalo at mapabuti ang palatuntunan.

5. Tawag sa unang talata / pangungusap na makikita / mababasa sa talataan.

# ARALIN 2: Pagsulat ng Isang Rebyu




## Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Natutukoy ang mahahalagang impormasyong kinakailangan sa pagsulat ng isang rebyu

2. Nagagamit nang wasto ang mga kaalamang gramatikal gaya ng mga salitang nagpapahayag ng pagsang-ayon at pagtanggi at paghahanay-hanay ng mga kaisipan

3. Nakasusulat ng isang rebyu batay sa tamang format at pagkabuo



## *Anu-ano ang mga tiyak na alam mo?*

Panuto: Piliin at isulat ang letrang tumutugon sa isinasaad ng mga sumusunod na pahayag.

1. Tawag sa bahagi ng talataan na isinaayos ayon sa pagkakasunu-sunod ng mga kaisipan. Ito ang pamantayang sinusunod sa pagsusuri ng palabas.
   a. talata
   b. format
   c. buod
   d. bahagi

2. Ang unang dapat isulat sa pagbuo ng rebyu
   a. tauhan
   b. panimula
   c. balangkas
   d. pamagat

3. Tawag sa mga artistang gumaganap sa katauhan ng papel na kanilang ginagampanan
   a. mandudula
   b. personalidad
   c. tauhan
   d. tagaarte

4. Totoong maganda ang pelikulang aking napanood kagabi. Ang salitang nagsasaad ng pagsang-ayon ay
   a. maganda
   b. totoo
   c. napanood
   d. pelikula

5. Hindi ko matatanggap ang sinabi mong walang kabuluhan ang programang barayti. Ang pahayag ay nagsasaad ng
   a. pagtanggap
   b. pag-ayaw

c. pagkagalit
d. pagtanggi

6. Kung tinatanggap mo ang mungkahi ng isang sumusuri ng programang iyong napanood, sasabihin mong
   a. Sang-ayon ako sa iyong sinabi
   b. Maaari nga ang iyong mungkahi
   c. Tingnan natin kung tama ka nga
   d. Pag-iisipan ko ang iyong sinabi

7. Kung hindi mo naman matanggap ang ibinigay na komento ng pagsusuring isinagawa sa pelikulang paboritung-paborito mo, ang dapat mong sabihin ay
   a. Walang mapapala sa iyong sinabi
   b. Hindi ka nagkakamali sa iyong ginawa
   c. Ayokong paniwalaan ang binasa mong pagsusuri
   d. Mali ang paraan ng pagsusuring iyong ginawa

8. Ang talataan ay binubuo ng mga
   a. talata
   b. buod
   c. mungkahi
   d. nilalaman

9. Sa pagsulat ng pagsusuri sa programang napanood, ang ibinibigay mong komento ay batay sa
   a. sinabi ng iba
   b. kabuuan ng kuwento
   c. pansariling pananaw
   d. pagkakabuo ng palabas

10. Ang bawat dulang ipinalalabas sa telebisyon ay lagi nang nagtataglay ng
   a. magandang wakas
   b. kabayanihan ng pangunahing tauhan
   c. masalimuot na suliranin
   d. aral sa buhay

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

1. **Alamin mo . . .**


Mahilig daw ang mga Pilipino sa mga panooring tungkol sa pag-ibig at drama. Kaya hindi nakapagtatakang mataas ang rating ng mga nobelang Koreano dito sa ating

bansa. Panlunas daw ito sa kahirapang dinaranas. Kahit pansamantala'y maibsan o mabawasan ang paghihirap na nadarama.

Sa mga kuwentong napanood, detalyadong ipinakikita ang bawat bahagi ng istorya kaya nga alam na kaagad natin kung matatapos na ito o hindi

Alam mo ba ng mga bahagi nito?

Panuto: Piliin sa mga nakatalang salita sa ibaba kung anong bahagi ng kuwento ang may bilang.




wakas
tauhan at tagpuan
kasukdulan
panimula
banghay

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**Gawain 1.** Pagtukoy sa mahahalagang impormasyong kinakailangan sa pagsulat ng isang rebyu.

Bago mo sagutin ang gawaing inihanda ko ay basahin mo muna ang impormasyong aking isinulat. Makatutulong ito sa pagsagot mo sa mga katanungang ibinigay ko.

Sa pagsulat mo ng sariling rebyu sa isang programang pantelebisyon, mahalagang isaalang-alang mo ang mga sumusunod:

Unang Talata

Isama rito ang channel kung saan mapapanood, oras at pangalan ng host o tagapagbalita

Ikalawang Talata

Kagandahan ng programa

1. kabuluhan
2. paraan ng pagtatanghal / mga bahagi
3. husay ng host

Ikatlong Talata

Paglalahad ng kakulangan

Kahinaan ng palabas

Ikaapat

Paglalahad ng mga mungkahi o pagbabagong nais na isagawa upang lalo pang mapaganda ang palabas.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Madali lang namang unawain hindi ba? Iyan ay paghahanda lamang upang lubos mong maunawaan kung bakit dapat na pangkatin ang mga bahagi ng talataan upang higit na maging madali para sa iyo ang pagsulat ng rebyu.

Handa ka na ba?
Magsimula ka na?

Isulat kung saang talata matatagpuan ang mga sumusunod na halimbawa:

1. Pitong kalahok ang magtatagisan ng talino sa pag-awit. Pipili ng awitin at kung saang kategorya ito matapat ay siyang kakantahin ng bawat kalahok.Ang di makabigkas ng salitang hailangang ipuno sa blangko ay siyang matatanggal. Kung sakali mang tumama ang lahat ng kalahok ang pipiliin ng tagahatol ay yaong sintunado ang boses.

2. Pinangungunahan ito ng mga sikat na mang-aawit na sina Allan K at Jaya.

3. Sadyang nakaaaliw ang palabas na ito. Kahit mga kilalang artista na sila o mang-aawit ay mababakas mo pa rin sa kanilang mukha ang kaba lalo pa't kung malaki-laki na ang premyo.

4. Sumasaya ang programa sa mga eksenang nagbibigay na ng komento sina Allan at Jaya sa mga naaalis o kaya nama'y binibiro nila ang ilang kalahok.

5. Ang hurado ng programa o ang tagahatol kung sino ang maaalis kadalasan ay di rin naman mang-aawit. Paano na lamang kung magaganda ang boses at tama ang lahat ng mga kalahok.

6. Sana'y laki-lakihan ang premyo upang maging kapaki-pakinabang sa mga homeviewers.

7. Higit na mainam sana kung mayroon naman silang araw na ang kalahok ay di artista.

8. Mapanonood ang programang ito tuwing Linggo ng gabi.

**Gawain 2:** Paggamit nang wasto ng mga kaalamang gramatikal.

A. Mga pangungusap na nagpapahayag ng pagsang-ayon at pagtanggi. May mga pagkakataong nagbibigay tayo o tumatanggap tayo ng puna o mungkahi. Kung di tayo sumsang-ayon sa sinabi ng iba, ipinahahayag natin ang ating pagtanggi at kung tinatanggap naman natin ito, pagtanggap ang ating isinusukli.

Sa pagpapahayag ng pagtanggi, ginagamit natin ang mga salitang: ayaw, ayoko, mali, hindi, huwag, di maaari atbp.

Sa pagpapahayag naman ng pagtanggap, ginagamit natin ang mga salitang: tama, oo, sadya, tunay, talaga, totoo atbp.

Halimbawa:
Pagtanggi
Hindi ko matatanggap ang iyong mungkahi sapagkat wala itong maidudulot na mabuti sa ating samahan.

Pagtanggap
Tama ang lahat ng iyong sinabi. Natutuwa ako.

Panuto: Isulat ang A kung ang pahayag ay nagsasaad ng pagtanggap at B kung pagtanggi.

1. Totoong kapupulutan ng aral ang iba’t ibang kuwento ng buhay na aking napanood.

2. Hindi maaari ang iyong sinabi spagkat taliwas ito sa kinalabasan ng pagsusuring aking isinagawa.

3. Tunay na katanggap-tanggap at napapanahon ang mga pangyayaring binanggit sa kuwento.

4. Ayokong matapos agad ang programang Lovers in Paris sapagkat napakaganda ng kuwento nito.

5. San-ayon din ako nang sabihin mong di naman talaga nakatatakot ang palabas na Nginig.

6. Talagang angkop na angkop sa kasalukuyang sitwasyon ang istorya ng Anak.

7. Oo, magagaling nga ang mga artistang nagsipagganap sa Magpakailanman gaya ng iyong sinabi.

B. Paghahanay ng mga kaisipan.

Bawat talata ay nahahati sa mga kaisipan. Kailangang magkakaugnay ang mga kaisipan o konsepto sa isang talata upang maging mabisa at malinaw ang paksang inilalahad.

Kaya mo bang gawin ito?

Subukin ang iyong kakayahan sa pamamagitan ng pagsagot sa gawaing inihanda ko.

Panuto: Isulat ang mga bilang ng magkakugnay na kaisipan.

1. Makatotohanan ang naging pagganap ng mga artista kaya napaniwala nila ang mga manonood.

2. Hindi palaging nakatutuwa ang eksena sapagkat kung wala kang alam ay talagang magagalit ka kung ikaw ay pagbibintangan sa isang bagay na di mo naman ginawa.

3. Hindi nila alam na may nakatutok na kamera sa kanila at pinag-aaralan ang kanilang kilos.

4. Minsan din ay nakaiinsulto ang paraan ng pagtrato nila sa taong kanilang biktima.

5. Bahagi ito ng programa kung saan pinasasakay nila ang kanilang nabiktima sa bitag.

6. Ang layunin ay magpatawa hindi ang mang-insulto ng kapwa.

7. Higit na magiging kapaki-pakinabang kung sisingitan nila ng mga eksenang magbibigay ng kaalaman sa mga manonood.

8. Sana'y I-reformat ang palabas upang higit na maging kawili-wili sa mga manonood.

9. Hindi na sana nila pinaaabot pa sa pangyayaring halos magsalita na nang hindi maganda ang kanilang panauhin dahil sa pagkabigla, pagkatakot o pagkagalit.

**Gawain 3.** Pagsulat ng isang rebyu batay sa tamang format at pagkakabuo.

Panuto: Isulat sa bawat patlang ang angkop na pahayag na makikita sa susunod na pahina. Sipiin ang buong talataan.

Yari Ka!

Tuwing Sabado ng gabi, inaabang-abangan na ng mga tao ang programang "Yari Ka!" na mapanonood sa Channel 7. ________________________________

________________________________________________________________________________

__________________________________________________________.

Nakatutuwa ang palabas na ito sapagkat itinatampok ang mga kuha sa video na sadya namang katawa-tawa. Hindi sinadya ang pangyayari at nagkataong nakunan ng video ___________________________________________

___________________________________________________________________________

__________________________________________________________

Kasiya-siya ring panoorin ang pagpapanggap ng host bilang drayber o kaya ay "traffic Enforcer" _____________________________________________________________

___________________________________________________________________________

__________________________________________________________

Mayroon ding panauhing artista na ang paksa ng usapan ay yaong mga pagkakamaling kanyang nagawa sa "taping" Ipinakikita sa kanya ito at wala siyang magawa kundi ang matawa sa pagkakamali. ________________________

___________________________________________________________________________

__________________________________________________________

Sa kabila ng nakatatawang pagtatanghal, may mga kakulangan pa rin ito. Ipinakikita ang mga delikadong pangyayaring maaaring gayahin ng mga bata.___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

______________________________________________

Sana'y habaan ang oras at magdagdag pa ng ilang eksenang nakatatawa.

Pagpipilian:

Sa kabuuan ay tunay na nakapapawi ng pagod at lungkot ang panonood.

Pinangungunahan ito ng mahusay na komedyanteng si Michael V.

Ang ilan dito ay pagkakadapa, pagkahulog sa hagdan o mataas na lugar, pagsubsob sa keyk o sahig at iba pa.

Mahusay na host si Michael V. sapagkat nadadala niyang mag-isa ang programa. Kapag nagbitiw siya ng salita ay talaga namang mapapatawa ka.

Akala ng mga nahuli ay talagang dadalhin sila sa presinto. Subalit nagpapakilala naman agad si Michael kapag nakikita na niyang natatakot o naiinis na ang kausap.

**2. Lagumin mo . . .**

Piliin at isulat ang salitang angkop sa bawat patlang

1. Sa unang talata ay isinusulat ang oras, channel at ______________ ng programang pantelebisyon.

2. Kung tinatalakay mo ang kapakinabangan ng programa ibinibigay mo ang ___nito..

3. Ang kakulangan ng palabas ay siyang ____________ nito.

4. Kapag pinuna mo ang isang bagay, kailangan ding magbigay ka ng ______________ para sa ikagaganda ng programa.

5. Sa bawat talata, kailangang magkakaugnay ang mga _____________.

6. Ang pangunahing kaisipan ay pinalalawak ng mga _______________ na kaisipan.

7. Kung umaayon ka sa paniniwala o paninindigan ng iba, ______________ mo ang kanyang prinsipyo.

8. Kung di mo matatanggap ang kanyang paninindigan, ipinahahayag mo ang iyong _________________.

9. Ang maayos na pagkakasunud-sunod ng mga kaisipan at detalye sa talataan ay tumutugon sa wastong ______________.

10. Ang pagbibigay ng sariling pagtataya sa programang napanood ay bahagi ng isang ______________.

Pagpipilian:

| | |
|---|---|
| format | rebyu |
| tinatanggap | pantulong |
| kaisipan | host |
| kahinaan | kabuluhan |
| pagtanggin | mungkahi |

**3. Subukin mo . . .**

Bago mo sagutin ang pagsubok na inihanda ko, mahalagang malaman mo ang mga panuntunang dapat sundin sa pagsulat.

2. Huwag susulat nang palimbag.
3. Sumulat ng maayos at malinis.
4. Gumamit ng malaking letra at wastong bantas.
5. Isaalang-alang ang pagtatalata.

Panuto: Isaayos ayon sa pagkakasunud-sunod ang mga pahayag upang makabuo ng isang rebyu sa programang pantelebisyon.
Isulat ang buong talataan.

1. Mapanonood ito mula Lunes hanggang Biyernes sa ganap na 5:30 hanggang 8:30 ng umaga.

2. Tunay na kapaki-pakinabang ang nasabing programa. Itinatampok nila ang iba't ibang impormasyon tungkol sa trapik, mga kaganapan sa loob at labas ng bansa, mainit na isyu at usaping legal. Wala ka nang hahanapin pa sapagkat ibinabahagi na nilang lahat ang mga kinakailangang impormasyon.

3. Panggising sa mga pumapasok nang maaga ang programang Unang Hirit.

4. Unang Hirit

5. Mga iginagalang na mga mamamahayag ang host nito na sina Arnold Clavio, Daniel Razon, Lyn Ching, Love Añover at iba pa.

6. Maganda ang programa, kaya nga lamang ay napakaraming host at mga isinisingit na eksena at minsa'y may balitaktakan hindi naman nagiging malinaw sa manonood ang isyu.

7. Masisigla rin ang mga host na totoong sanay na sanay sa pagsulat, pakikipanayam at pagbibiro.

8. Sana'y bawasan ang mga host upang magkaroon ng pokus ang palabas, iya'y walang iba kundi ang pagbabalita.

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**4. Paunlarin mo . . .**

Wasto ba ang pagkakaayos mo sa talataan? Binabati kita! Naging mabunga ang pag-aaral na iyong ginawa.

Kung nagkaroon ka man ng kamalian sa pagsasaayos ng kaisipan, subukin mo uling sagutin ang pagsubok na inihanda ko upang mapaunlad ang iyong kaalaman.

Panuto: Isaayos ang mga pahayag upang makabuo ng isang mabisang talata. Bilang lamang ang isulat.

1. Dahil dito'y napapahanga niya ang mga manonood.

2. Sadyang nakamamangha ang ipinapakitang gilas ni Bearwin sa pagmamadyik.

3. Dito mo makikita ang paglipad ng papel, pag-angat ng mga gamit, paglutang ng baso, bolpen, pagkain at iba pa.

4. Kaya di maiiwasang gayahin din ito ng mga bata upang magpasikat din sa kanilang mga kalaro.

5. Iba't ibang pakulo sa madyik ang itinatampok ng programang NARS.

Iwasto ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

## *Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Piliin ang pahayag na angkop sa patlang upang mabuo ang kaisipan ng talata.

Itinatampok sa programang ASAP ang iba't ibang pagtatanghal. (1) ________________________________________________________________________________. Laging bago ang kanilang panauhing artista. (2) ______________________________________________________________________________. Ibinubuhos ang lahat ng kaalaman at kakayahan sa pagsasagawa ng gawaing kanilang gagampanan. (3) ______________________________________________________________________________- Kitang-kita ang pagkakaisa ng lahat. . (4)________________________________________________ (5) ______________________________________________________________________________.

Sinisikap nilang mapaganda pang lalo ang programa.

Sadyang pinaghahandaan nang husto ang bawat pagtatanghal mula sa kasuotan hanggang sa mga praps na gagamitin.

Mapanonood dito ang awitan, sayawan, balitaan at panayam.

Kaya naman di-kataka-takang umani sila ng papuri at paghanga mula sa mga manonood.

Marami man ang host na bumubuo sa programang ito'y may kani-kaniya naman silang bahaging dapat isagawa.